

Ang Diskurso ng Katarungan ayon kay Agustin Martin Rodriguez

Emmanuel C. de Leon

Rodriguez, Agustin Martin, *May Laro ang Diskurso ng Katarungan* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2014). 260 pp.

Masasabing matagumpay ang *Governing the Other: Exploring the Discourse of Democracy in a Multiverse of Reason* (2009) ni Agustin Martin Rodriguez. Kaya, ang masusugid niyang mambabasa ay nanabik sa paghihintay ng kasunod nito. Sa bagong librong pinamagatang *May Laro ang Diskurso ng Katarungan* (2014), naglatag si Rodriguez ng epistemolohikal at metapisikal na teorya ukol sa katalagahan at gampanin ng tao. Gamit ang wikang Filipino, maingat niyang binalangkas ang posibilidad ng pagtatatag ng isang makatarungang lipunan base sa hiwaga ng pagkatao.

Sa rebyung ito, sinikap kong makisabay at makisimpatya sa mga pagmumuni-muni ni Rodriguez upang makapagbigay ng ilang pag-uulat tungkol sa uring pilosopiya na mayroon ang nasabing Pilipinong pilosopo. Hindi ito upang kitilin ang imahenasyon ng mga susunod na mambabasa ng nasabing libro. Sa halip, naglalayon itong matalaban din ng mga talinghagang binigkas sa ni Rodriguez sa kanyang libro.

Ang pag-uulat at rebyung ito ay nakasentro sa mga sumusunod: 1) layunin pilosopikal ng libro, 2) pagbaling sa wika at pantayong abot-tanaw, 3) dinamismo ng katalagahan, pagpepresensiya at meron, 4) multiberso ng katwiran at pagtatalaban ng abot-tanaw, 5) diskurso tungo sa isang makatarungang lipunan, at 6) ebalwasyon at kahalagahan.

Layuning Pilosopikal: Pagtalab ng mga Talinghaga ng Pilosopiya

Sa isang makabagong panahon na mayroon tayo ngayon, malimit sinusukat ang katuturan ng isang bagay batay sa mga pamantayang makukwenta. Dahil dito, maging ang pilosopiya ay napipintasan bilang walang kwenta. Mistulang napag-iiwanan ng ibang disiplina ang pilosopiya sapagkat mayroon silang kongkretong mga tanong. At, tila may nararating

silang sagot na kapaki-pakinabang sa lipunan. Parang mas may talab ang kanilang mga tanong sapagkat nakaugat ang mga ito sa masusing pag-aaral na nakabase sa mga nararanasan. Kaya kung minsan, ang mga mag-aaral ng pilosopiya ay napapatanong din kung ano ang silbi ng kanilang ginagawa. May silbi ba ang mga pagmumuni-muning pilosopikal?

Dito sa mga pintas na ipinupukol sa pilosopiya nagsimula si Rodriguez sa pagpapaliwanag ng pakay niya at kung bakit may mahalagang masasabi ang pilosopiya sa larangan ng lipunan, pulitika, at katarungan. Nagtatangka siyang maghain ng isang balangkas ng posibilidad ng pagbubuo ng isang makatarungang lipunan sa pamamagitan ng mga pagmumuni-muning pilosopikal na nakaugat sa mismong galaw o laro ng pagkatao ng isang tao. Kaugnay nito, ipinaliwanag ni Rodriguez, “Ninais kong maunawaan ang dahilan ng pagdurusa ng mundo mula sa abot-tanaw ng hiwaga ng tao at ng kaniyang pag-iral.”¹ Hindi naman sa wala siyang tiwala sa pananaliksik ng agham panlipunan. Sabi nga niya, marami rin siyang natutunan dito. Subalit, mayroon tayong makukuhang sagot sa mismong galaw o laro ng ating pagkatao. Nakukutuban ni Rodriguez na may mas malalim na dimensyon ang problemang panlipunan ng ating bansa. Maaaring dulot ito ng galaw ng isang tao at ng istrukturang panlipunan. Dagdag pa niya,

May kutob ako na nakaugat ito sa istruktura ng pag-iral ng tao mismo, sa bukal ng kaniyang pag-iral, at sa kaugnayan ng tao bilang bukal na ito. Kaya para maliwanagan ako sa aking mga tanong, nag-aral ako ng pilosopiya at sa palagay ko meron talaga itong naipaliwanag sa akin na mahalaga tungkol sa tao, sa lipunan, sa karahasan, at sa pag-asa. Ito ang nais kong ibahagi sa librong ito.²

Siguro, itinatanong na natin ngayon kung ano nga ba talaga ang patakaran ng pilosopiya na ibang iba sa ibang patakaran? Kung tama ang aking pagbasa kay Rodriguez, sinasabi niyang ang pilosopiya ay isang “paraan ng talinghaga.” Hindi ito isang tumpak o tiyak na pagpapaliwanag. Sa halip, isa itong pagbigkas ng mga talinghaga upang makagising ng kamalayang magbukas. Kaugnay nito, sinabi ni Rodriguez,

Tungkulin ng pilosopiya ang magpahiwatig ng kaalaman na nauukol sa sumasaibayong katotohanan.

¹ Rodriguez, *May Laro ang Diskurso ng Katarungan*, 5.

² *Ibid.*

Pakay nito na maipamalay ang sumasaibayong batayan o bukal upang makilala ito ng tao at maisatupad ang kaniyang pag-iral ayon sa kaayusang ito. Samakatuwid, hindi interesado ang pilosopiya sa teorya bilang teorya lamang. Paraan ng pagmumulat ang mga teorya nito. Kapag binigkas ng pilosopo ang kaniyang sistema at teorya, sinusubukan niyang bigkasin ang kaniyang nakutuban o nasulyapan sa ibayo ng empirikal na katiyakan ng mundo.³

Subalit, para kay Rodriguez, hindi buong-buo ang nabibigkas ng isang pilosopo. Binibigkas lamang ang mga konsepto gamit ang mga talinghaga upang pukawin ang kamalayan ng ibang tao at hamunin silang sumulyap rin sa sumasaibayo nang sa ganoon ay matuklasan rin ang kalaliman nito. Ito marahil ang ipinapaliwanag ng pilosopong si Martin Heidegger (1889-1976) na kaalamang maka-*Gelassenheit*, isang kaalaman na inihahanda ang isang tao sa pagkabukas sa nagprepresensiya at hindi ayon sa mga kategoriya ng pagtanggap na tinatakda ng tao kundi ayon sa presensiya ng mismong nagprepresensiya. Sa analisis ni Heidegger, nauunawaan ng tao ang isang bagay na nagpapakita sa kanya (isang *phainomenon*) batay sa kung anong nakikita niyang presensiya nito. Subalit, nakakaligtaan na ang isang bagay ay may mismong pagpepresensiya. Kaya, ang nababagay na atitud ay isang pagkabukas na hindi naghahangad na ikahon ang nagpepresensiya sa isang komprehensiyon. Sa ganoong paraan, nakikilala natin ang nagpepresensiya sa kanyang mayamang kahulugan na sumasaibayo sa komprehensiyong maka-syentipiko.

Mahalaga ang paglilinaw ni Rodriguez sa tungkulin at layunin ng pilosopiya gamit ang simplistiko subalit hindi mababaw na mga salita. Mistulang binabawi niya ang tamang pagtingin sa pilosopiya na namarkahan ng masamang konotasyon sa pagdaan ng panahon. Kung paano niya ito binigkas at ipinaliwanag, dito mahalaga ang pagpili niya ng wikang gagamitin. Bigyan natin ito ng atensyon sa susunod na seksyon.

Pagbaling sa Wika at ang Pantayong Abot-tanaw

Bakit nasa wikang Filipino ang libro? Kung tama ang aking pag-unawa, hindi lamang ito isang pagsasanay na akademiko. Kung layunin lamang niyang mabasa ng marami, malamang sinulat na lamang niya ito sa wikang Ingles. Subalit, ipinapalagay ni Rodriguez na ang paggamit niya ng wikang Filipino ay bahagi ng kanyang pagsisid sa malalim na mundo ng

³ *Ibid.*, 9.

katotohanan na malamang nadaanan na niya gamit ang wikang banyaga subalit hindi pa nauunawaan sa mas malalim na paraan. Naniniwala siya na may panibagong abot-tanaw ang paggamit niya ng wikang Filipino sa pagbigkas ng mga paksa sa librong ito. Isa nga itong pagbabakasakali na mayroon siyang ibang makikita kung gagamitin niya ang wikang Filipino.

Mahalaga ang wika sapagkat dito natin naibabahagi ang ating mga saloobin, iniisip, nadarama, at mga prinsipyo sa buhay. Kaya nga, mahalaga rin ang pagpili ng isang kolektibong wikang gagamitin, sang-ayon kay Rodriguez. Kaugnay nito, ipinaliwanag niya,

Mahalaga ang wika dahil sabay dala nito ang buong kasaysayan ng mga simbolo't kahulugang ginagamit ng isang kultura para ipaliwanag ang katalagahan at dala rin nito ang mga konsepto ng abstraksyon na pinahihintulutan ang taong suriin ang katalagahan sa ibayo ng empirikal na karanasan.⁴

Kung talagang nakikinig tayo ng taimtim sa sinasabi ni Rodriguez, ipinaparating niya ang napakahalagang pagpili ng wikang gagamitin. Sapagkat naghahain siya ng isang uri ng diskurso sa librong ito, napakahalaga ng gampanin ng wika. Mulat siya sa potensyal ng wika bilang sabay na may kakayahang ipakita at itago ang saloobin at kawalang katwiran. Kung baga, dalawa ang mukha ng wika. May kakayanan ang wikang maging behikulo ng karahasan at kawalang katarungan. Maaaring gamitin ang wika para sa panlilinlang. Kaya kailangang piliin ang wikang gagamitin na magdadala sa atin sa isang tinatawag niyang "pantayong abot-tanaw", isang wikang bahagi ng epeko ng mga taong papasok sa diyalogo. Ito marahil ang wikang sinasalita ng kanilang kaluluwa o ang wikang tumatalab sa meron ng mga nag-uusapan.

Kaya nga, maaari nating sabihin na "sosyal" at kontra-sosyal ang paggamit niya ng wikang Filipino. Sa isang banda, sosyal ito dahil sa pangangailangang lumubog sa karanasan ng mga gumagamit ng wika. Bahagi nito ang pagsisikap na manirahan sa bayan ng katotohanan. Sa kabilang banda, kontra-sosyal dahil itinataas ni Rodriguez sa nibel ng epistemolohiya ang wikang Filipino. Kung tutuusin, kayang-kayang makipagtalastasan ng mga estudyante ni Rodriguez sa Pamantasan ng Ateneo gamit ang wikang Ingles. Kung ang simpleng layunin lamang niya ay ituro ang mga konsepto ng napakaraming pilosopo, malamang hindi na niya kailangang gumamit ng wikang Filipino. Ngunit makukutuban nating mayroong mas malalim na aspekto ang paggamit niya ng sariling wika.

⁴ *Ibid.*, 173.

Nakikita niyang potensyal ang wika upang basagin ang pader na naghihiwalay sa mga mayayaman at mahihirap.

Subalit, mahalagang linawin sa puntong ito na walang partikular na wikang iminumungkahi si Rodriguez. Kasama sa pagbubuo ng isang malayang diskurso ang hindi pagpataw ng “katanggap-tanggap” na wika. Lahat na wika ay potensyal. Kaya, kasama sa malayang diskurso sa pagitan ng multibersong katwiran ang pagtanggap na multiberso rin ang wika. Kakabit ng kahirapan ng diyologo ang pagkakaiba-iba ng wika at pagkabukas sa mga ito. Dahil laging mahalagang konsepto sa libro ni Rodriguez ang paggalang sa “ka-iba”, maging ang pagkakaiba-iba ng wika ay dapat ring igalang. Laging umuugong ang temang ito na parang mahirap talagang tanggihan.

Ang Katalagahan, Pagpepresensiya at Meron

Ginamit ni Rodriguez ang terminolohiyang “katalagahan” upang itukoy ang kabuuan ng lahat ng meron. Panahon pa ng mga sinaunang Griyego, isang katanggap-tanggap na prinsipyo ang pagkakaroon ng kaayusan ng mga bagay. Nakaayos o nakatalaga ang mga bagay sa kanilang pagdirito sa mundo. Sa ibang salita, umiiral ang mga bagay sa mundo base sa kanilang pagiging ganito at hindi ganoon. Minsan, ginagamit din natin ang salitang “talaga” upang magpakita ng katiyakan. “Talaga ba?” Itinatanong nito kung mayroon bang katiyakan. Ganito rin, ayon kay Rodriguez, ang pagiral ng mundo—may pagkatalaga o katiyakan. Ipinapaliwanag niya na ang pagmemeron ng bato, ng puno, ng tao, ng ibon, at ng kung anumang tiyak o talagang umiiral ay gumagalaw sa isang katalagahan.

Ngayon, isa siguro sa pinakamahirap maunawaan sa terminolohiya ng tradisyong Roque Ferriols itong “meron.” Subalit, naipaliwanag ito ni Rodriguez sa paraang walang paliguy-ligoy at malinaw. Ang isang bagay na nakatalaga o may tiyak na presensiya ay matatawag na meron. Samakatuwid, maaari nating sabihin na ang salitang “meron” ay nagpapakita ng pagkanarito ng isang bagay, ng isang talagang umiiral. Kaugnay nito, nilinaw ni Rodriguez, “Kapag nais kong bigyan diin ang katangian ng pagpepresensiya ng mga meron, tutukuyin ko ang mga meron bilang nagdirito.”⁵ May tiyak na pagkanarito ang mga nagmemeron. Sa madaling salita, isa itong obheto. Totoo ang meron o narito ang meron kaya siya napapag-usapan, napag-iisipan, at nararanasan.

Mahalagang sangkap itong katalagahan ng meron sa pilosopiya ni Rodriguez. Kung tama ang aking pagkaunawa, ito rin ang tinatawag ni Ferriols na “pagtalab ng meron” o ni Edmund Husserl na intensyonal ang

⁵ *Ibid.*, 36.

pagmamalay ng tao. Kaya sinasabi ni Rodriguez, “Nagprepresensiya ang mga nakatalaga sa kamalayan ng tao.”⁶

Ngayon, mapag-uusapan ba itong pagprepresensiya? Obhetibo ba ang pag-unawa dito? May mga pilosopong kritikal tulad nina Foucault at Adorno na nagsasabing ang pag-unawa natin sa mundo ay bunga ng mga istraktura ng lipunan. Kung paano natin tingnan ang mabuti at masama, mahalaga at hindi-mahalaga, ang mga ito ay resulta ng pagdirito natin sa isang mundong ginagalawan natin. Kung tama sina Foucault at Adorno, hindi obhetibo ang ating mga pag-unawa. Baka nga walang pagka-ano o katalagahan ang mga nagmemeron maliban sa ipinapataw ng kamalayan ng tao. Ginamit ni Rodriguez na paghahalimbawa ang mga ulap sa kalangitan na hinahanapan natin ng hugis para magkaroon lamang ng kahulugan ang tinatanaw. Para sa kanya, maaaring totoo ang akusasyon ng mga pilosopong istrukturalista dahil maraming pagkakataon na nakakatagpo ng tao ang mga bagay, subalit hindi siya bukas dito sa paraang pagpepresensiya ng mga bagay. Sa halip, nabibihag lamang siya sa pagtingin dito sa paraang nakikita. Sa pagkabihag na ito, nakakalimutan niya ang kayamanan ng nagpapakita bilang mailap na katotohanan at hindi mahuli-huli sa konsepto.

Kung talagang nakikinig tayo kay Rodriguez, ipinapaliwanag niya dito ang kahalagahan ng “pagka-bulaga” upang muling mabighani sa katalagahan ng mga nagpepresensiya bilang sabay na pagdirito at pag-atras. Sinabi niya, “Depende sa pagkabukas ng tao ang pagtalab ng presensiya bilang hiwaga. At mula sa pagkamanghang ito sa nagmemeron bilang pagdiritong umaatras, nais kong ipaliwanag ang ibang paraan ng pagtingin sa ating karanasan sa presensiya ng nagmemeron.”⁷ Dito niya ginamit ang talinghaga ng lambat. Ang katalagahan (o ang sangkameronan sa terminolohiya ni Ferriols) ay mayroong pagkakaugnay-ugnay. Nakadepende ang hugis ng lambat sa pagtatalaban ng iba’t ibang punto ng tensyon. Dagdag pa niya, “Binibigyan ito ng matatag na pagdirito ng mga tensyon sa pagitan ng mga butas, linya ng lubid, at buhol.”⁸ Samakatuwid, ang kondisyon ng posibilidad ng isang “lambat” ay ang laro ng puwang, linya, at buhol. At, kapag ginamit na itong lambat, bibigyan siya ng panibagong hugis ng tubig at pwersa ng paghila.

Malikhaing naipaliwanag ni Rodriguez na masalimuot ang laro ng pagpepresensiya na madalas nating tinitingnan batay lamang sa makitid nating pagtingin. Kaya, mahalagang matauhan o mabulaga tayo sa dinamismong ito upang magising sa ating kamalayan ang dinamikong pagmemeron ng ating mga nakakasalamuha sa araw araw. Lahat nang meron (na may sari-sariling laro o dinamismo rin) ay nakapaloob sa mismong

⁶ *Ibid.*

⁷ *Ibid.*, 47.

⁸ *Ibid.*, 53.

laro ng katalagahan. Ito, para kay Rodriguez, ang nakalimutan ng tao sa pag-usbong ng mapagkwentang kaisipan. Pinag-usapan niya ang nasabing kondisyon sa pamamagitan ng pagtalakay ng katwiran bilang multiberso.

Ang Multiberso ng Katwiran at ang Patatalaban ng Abot-tanaw

Ang argumento ng multibersong katwiran ay nagsisimula sa tesis na walang kumikilos nang labag sa sariling katwiran, maliban sa mga taong wala sa kanilang sarili. Kung baga, may katwiran ang lahat ng gawain ng isang tao. Subalit, hindi rin natin matatanggihan, lalo na sa mundong mayroon tayo ngayon, na radikal ang pagkakaiba-iba ng sistema ng rasyunalidad ng mga tao. Ginamit niyang halimbawa ang pagtingin sa lupang tinubuan. Ang mga katutubo, sa isang banda, ay nagpapahalaga dito dahil tinitingnan nila ito bilang biyaya ng Maykapal. Samantalang ang mga taong sekular, sa kabilang banda naman, ay maaaring tingnan ito sa ibang perspektibo at pahalagahan ito katulad lamang ng ibang lupa na mapagkakakitaan. Ginamit ni Rodriguez ang halimbawang ito upang patunayan na hindi unibersal ang sentido komun. Nakabatay ito, sang-ayon sa kanya, sa sistema ng pagpapahalaga at pag-unawa sa mabuti ng mga tao. Ngayon, maitatanong natin, saan nga ba nakabatay ang sistema ng pagpapahalaga at pag-unawa ng mabuti ng mga tao? Mayroon ba itong pinag-uugatan? Ano ang naglalagay ng porma ng ating sentido komun? At, mulat ba ang suheto sa dinamismo ng pagpopormang ito ng sentido komun o wala siyang magagawa kundi ang maigapos sa ganitong pagtingin?

Para kay Rodriguez, masalimuot ang kasagutan sa sala-salabid na mga katanungang ito. Sabay na “oo” at “hindi” ang sagot sa mga katanungan. Hindi, dahil naratnan na ng tao itong sistema ng pagpapahalaga at pag-unawa sa mundo. Ito marahil ang tinatawag ng ilang mga eksistensyalistang pilosopo na “facticity” o mga naratnan na natin pagkasilang sa ating mundo. Isinilang tayo at naitapon sa isang mundo na mayroon nang uri ng pag-iisip na maaaring bumulag sa atin sa iba pang uring pagtingin sa mga bagay bagay. Kaugnay nito, sinabi ni Rodriguez, “Hindi ito pinili ng tao: naratnan niya ito bunga ng kaniyang pagkapanganak sa isang pamilya, sa isang lipunan, sa partikular na panahon.”⁹ Nahahawig ito sa pagsasalarawan ni Max Weber (1864-1920) sa kinasasadlakan ng tao sa modernong panahon na tinatawag niyang hawla ng nag-iisang rasyunalidad (*iron cage*). Nabibihag nga raw ang tao sa kaniyang uring pag-unawa at tipong kapalaran niyang husgahan ang mga bagay bagay base sa makitid niyang katwiran.

Kung magkaganoon, hindi ganap na nasa kamay ng tao ang pagtatakda ng sariling sistema ng pagpapahalaga. Subalit, kung talagang

⁹ *Ibid.*, 96.

taimtim ang ating pakikinig kay Rodriguez, nakikita pa rin niyang hindi ganap ang pagka-paralisado ng tao. Ayon sa kanya, “May kakayahan ang taong mamulat sa mga sistema ng pagpapahalaga na nagbibigay hugis sa kaniyang pagdanas, pag-unawa, at pagpapahalaga, at mula sa pagkamulat na ito maaari niyang suriin at ipasiya ang ibang posibilidad ng pagtingin—subalit naaayon pa rin sa balangkas ng kaniyang kapalaran.”¹⁰ Ngayon, bakit nga ba mahalaga ang magkaroon ng balangkas ng pag-unawa ang isang tao? At, ano ang halaga ng pagkakaroon ng multiberso ng mga partikular na sistemang ito?

Upang maipaliwanag ang dinamismo ng pagbabalangkas ng pag-unawa ng isang tao, ginamit ni Rodriguez ang pagpapaliwanag na ginawa ni Immanuel Kant (1724-1804). Para kay Kant, lahat ng nauunawaan ng tao ay dumadaan sa pandama. Subalit, ang mga datos na nanggaling sa pandama ay kailangang iproseso ng kaisipan ng tao. Ang mga datos na nakuha galing sa pandama ay hindi pa matatawag na kaalaman. Sa halip, mga elemento pa lamang ang mga ito ng pag-unawa upang magkaroon ng kaalaman. Ayon kay Rodriguez, sa prosesong ito na ginagawa ng tao, tinutulungan siya ng mga *a priori* upang makabuo ng kaalaman. Itong mga *a priori* na ito ay hindi bunga ng karanasan. Sa halip, nasa kamalayan na ito ng tao bago pa man niya makatagpo ang mundo. Ito nga ang balangkas na umiiral sa kamalayan na nagtatakda (*imposing*) kung papaano uunawain ang mga datos galing sa karanasan. Ngayon, kung tama ang sinasabi ni Kant, mayroon ngang mga kategorya na tumutulong sa tao upang unawain ang mundo. Kaya, maitatanong natin sa ating mga sarili kung anong “pagbibigay-kahulugan” ang namamayani sa ating kaisipan? Ito ba ay maka-agham o maka-relihiyon, moderno o postmoderno, sekular o relihiyoso?

Mahalaga itong muling pagbigkas ni Rodriguez kay Kant upang maipakita na kung mauunawaan lamang natin na tao talaga ang nagbibigay kahulugan sa katalagahan batay sa kaniyang mga sistema ng pag-unawa, mas magiging bukas tayo sa dinamismo ng buhay. Kaya nga, napakahalaga ng ideya ng “pagbubukas” para kay Rodriguez. Ito ang susi upang maunawaan natin ang nagpepresensiya. Sabihin na nating mayroon na tayong mga paunang balangkas tungkol sa pag-unawa ng mga nagpepresensiya, lubhang mahalaga ang pagkabukas sa mismong nagpepresiya upang magkaroon ng totoong pag-unawa. Sapagkat, gaano man katindi ang impluwensiya ng balangkas ng ating kamalayan, ipinapaliwanag ni Rodriguez na hindi naman nito lubos na mapipigilan ang isang tao na magbukas ng kaisipan sa mismong nagpepresensiya.

Kaugnay nito, pinag-usapan ni Rodriguez ang kahalagahan ng konsepto ni Hans-Georg Gadamer (1920-2002) na “pagtatalaban ng abot-

¹⁰ *Ibid.*, 97.

tanaw.”¹¹ Natatauhan si Gadamer na may “abot-tanaw” ang bawat isang tao na bumabalangkas sa kanyang pag-unawa sa nagpepresensiya. Upang mas ipaliwanag ito, sinabi ni Rodriguez,

Madalas, kung nagmumula ang pahayag mula sa ibang abot-tanaw, kailangang unti-unting maunawaan ang sinasabi mula dito dahil ibang mundo ng kahulugan ang pinagmumulan nito. Subalit kahit hindi madali ang pag-unawa sa pahayag ng ka-iba, sinusubukan pa rin na unawain ito ng nakikitagpo dahil meron itong sinasabi ukol sa katalagahan na nais niyang maunawaan—tagpo o may pinapahayag ang sinasabi ng ka-iba ukol sa kaniyang pananaw. Subalit madalas, nakikipagdiyalogo ang tao dahil nais niyang maunawaan ang sinasabi ng kaiba tungkol sa katalagahan.¹²

Mayroong kabit-kabit na implikasyon ang naunang sinasabi ni Rodriguez. Una, ang multiberso ng katwiran ay nanganailangan ng mahinahong pag-unawa at pag-uunawaan. Hindi ito minamadali at pinipilit. Pangalawa, isang pagkabukas sa ka-iba ang nararapat na temperamento. At pangatlo, na malaki ang kaugnayan sa pangalawa, ang pagkabukas na temperamento ay hindi nagnanais na maunawaan lamang ang diskurso ng ka-iba. Kung tama ang pagkaunawa ko kay Rodriguez, hindi naghahangad ang isang diyalogo na bumuo ng kaisahan o di kaya ay tunawin ang lehitimong katwiran ng iba. Sa halip, ang pagkabukas sa ka-iba ay isang paggalang sa kayamanan na katalagahan. At kung hahangarin natin ang pag-iisa ng mga “abot-tanaw”, pinapatindi lamang natin ang pagkakahon sa mayaman at hindi mahuhuling katalagahan.

Samakatuwid, kung tama ang pagkaunawa ko kay Rodriguez, ang pagtatalaban ng abot-tanaw ay isang uri ng pagpapalawak at pagpapayaman ng pag-unawa na mangyayari lamang sa pakikipagtagpo sa ibang pananaw ng tao. Sa pamamagitan nito, natatanaw ng isang bukas sa ibang pananaw ang kakitiran ng sarili niyang paunang-hatol. Nagkakaroon siya ng pag-urong dahil sa pagkamulat sa kayamanan ng diskurso ng katalagahan na dati ay nakikita lamang niya sa makitid at partikular na paraan.

¹¹ Sa ibang pagkakataon, isinasalin ang konsepto ni Gadamer na “fusion of horizons” bilang “pagsasanib ng abot-tanaw.” Subalit, pinapaboran ng manunulat na ito ang salin ni Rodriguez na “pagtatalaban ng abot-tanaw” upang mas bigyan ng pansin na hindi naman nagnanais makabuo ng kaisahan. Sa halip, isa lamang itong gawain kung saan nagbubukas ang isang suheto ng kanyang sarili sa posibilidad na matalaban ng katwiran ng iba. See *Truth and Method*, trans. by Joel Weinsheimer and Donald G. Marshall (New York: The Continuum Publishing Company, 1994).

¹² Rodriguez, *May Laro*, 117.

Samakatuwid, ang pluralismo (o ang tinatawag ni Rodriguez na “multiberso ng katwiran”) ay mabuti para sa tao. Mabuting mamuhay ang isang tao na may iba’t ibang sistema ng katwiran na nagmumula sa iba’t ibang kapalaran ng tao. Mahalagang tanggapin ito upang hindi makulong ang isang tao sa makitid niyang mundo at tingnan lamang ang mundo sa iisang dimensyon. Dahil alam na niyang mayroon pang ibang pagtingin, napipilitan siyang imulat pa ang kanyang makitid na paningin upang lumawak ang kanyang abot-tanaw.

Mahalaga ang pagpapaliwanag ni Rodriguez sa pagiging multiberso ng katwiran lalong lalo na sa pag-unawa natin ng pluralismo sa ating bansa. Dumating na nga tayo sa panahon kung saan hindi lamang tayo namumulatan sa pagkakaroon ng pluralismo, kundi maging sa pagiging lehitimo nito. Sa malinaw at probokatibong paraan ng paglalahad ni Rodriguez sa kanyang aklat, naipakita nito ang kahalagahan at pagkapanapanahon ng kanyang sinulat.

Ang Diskurso tungo sa isang Makatarungang Lipunan

Sa huling bahagi ng pag-uulat at rebyung ito, tatalakayin natin ang balangkas ng isang makatarungang lipunan na minumungkahi ni Rodriguez. Nanggagaling ito sa kanyang pangunahing kaisipan na hindi maaaring ipinataw lamang ang dominanteng katwiran. Sa halip, dapat itong dumaan sa isang pagdidiskurso kung saan walang nagdodomina. Kaugnay nito, ipinaliwanag ni Rodriguez,

Kung tunay na malaya ang mga sistema ng pagdidiskurso, maaari nitong isangkot ang mga kasapi, mula sa kani-kanilang sistema ng katwiran, sa isang proseso ng pagbubuo ng pagkaka-isa habang nananatiling matatag sa kanilang kasarinlan.¹³

Maaari nating itanong sa puntong ito: paano makasisigurado na hindi magdodomina ang isang katwiran sa prosesong ito?

Una, ayon suhestyon ni Rodriguez, dapat malinaw sa mga taong pumapasok sa ganitong diskurso ang layunin at katwiran ng nasabing pagbubuo. Kung pakikinggan natin si Jurgen Habermas (1929--), dapat malayang proseso ito. Nagsisimula ang malayang prosesong ito sa pagbubukas ng kani-kanilang katwiran sa isa’t isa. At dahil dito, nagkakaroon ng posibilidad na makatagpo ng isang katwiran na katanggap-tanggap sa lahat. Samakatuwid, hindi isinasantabi ang iyong personal na

¹³ *Ibid.*, 170.

pagtingin sa mundo (dahil hindi naman talaga ito maaaring mangyari). Sa halip, sa balangkas ng diskurso na inihahain ni Rodriguez, inilalagay ng bawat isa ang kanyang sarili sa isang “bukas” na kondisyon upang maging posible ang pagtalab ng katwiran ng ka-iba. Sapagkat maaari lamang mangyari ang pagtalab na ito kung sa simula’t sapol ay hinahangad ito ng mga pumapasok sa diskurso. Ibig sabihin, nauunawaan nila dapat ang halaga nito.

Mistulang sinasabi ni Rodriguez na ang mga pumapasok sa isang malayang diskurso ng pagbubuo ng isang dominanteng katwiran ay dapat handang magpasailalim sa mismong laro ng diskurso. Ang pagpapasailalim na ito ay magsisimula sa isang tunay na pagkaunawa sa dinamismo ng katwiran—na hindi tayo ang nagdidikta nito. Ibig sabihin, kailangan nating hubarin ang asal nating kayabangan sa pag-aakalang alam natin ang lahat; at magsimulang maging handa na matalaban ng mismong nagpapatalab o ng mismong tumatalab na Katotohanan.

Ito, ayon kay Rodriguez, ang maaaring magdala sa atin sa isang “pantayong abot-tanaw.” Ang pantayong abot-tanaw na ito ay hindi ipinataw. Sa halip, ito ay bunga ng pakikipagsapalaran ng mga kasapi sa isang malayang diskurso. Kung talagang nakikisabay tayo sa pagninilay-nilay ni Rodriguez, makikita natin na hindi madali ang iminumungkahi niyang sistema o pamamaraan. Hindi ito isang “mabaitan” na usapan tulad ng Bible sharing. Hindi rin ito simpleng pagpaparaya (*tolerance*) lamang sa lehitimong katwiran ng ka-iba. Ang diskurso ng nagtatalabang katwiran ay nangangailangan din ng matibay na pagkamulat sa kani-kaniyang katwiran. Kung baga, handa din dapat ipaglaban ng bawat isa ang tinig ng kani-kaniyang katwiran. Nangangailangan ang malayang diskursong ito ng malinaw na pagkaunawa sa kanyang sariling abot-tanaw.

Hindi katanggap-tanggap na papasok sa nasabing diskurso ang hindi mulat sa kanyang katwiran. Nangangailangan ito, samakatuwid, ng kahandaan sa panig ng bawat tinig. Kailangang gawin ng bawat isa ang kanyang “takdang-aralin” na maunawaan o maging mulat sa kanyang mga paunang-hatol sa mundo. Gayundin, kailangan ng bawat isang mamulatan sa pagiging makitid ng pagtingin na ito. Kung tama ang aking pagkaunawa, may relasyon ito sa pilosopiya ni Ferriols na pagkabaluga bilang simula ng pagpasok sa diskurso. Ito nga ang tinatawag niyang “sining ng pamumuhay na mulat sa meron”¹⁴. Dahil nauunawaan ng isang tao ang kakitiran ng pinanggagalingan niyang rasyunalidad, bukas na bukas ang posibilidad na naisin niyang makitagpo sa iba upang talaban pa ng rasyunalidad ng ka-iba.

¹⁴ Roque Ferriols, *Pambungad sa Metapisika* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 2002), 51.

Mahalagang linawin sa puntong ito na nauunawaan ni Rodriguez na wala namang lohikal na kasiguraduhan na kapag namulatan ang isang tao sa kakitiran ng kanyang paunang-hatol ay awtomatiko na itong makadarama ng pangangailangang sumisid sa diskurso. Subalit, may kutob siyang mistulang natural sa tao ang bumaling sa kalooban ng iba at matuto dito. Palibhasa natural na maganda at maayos ang katalagahan, parang natural rin ang pag-akit nito na matuto sa kanya.

Kapag pumasok tayo sa mismong laro ng diskurso, mistulang sinasabi ni Rodriguez na wala na sa atin ang desisyon kung saan tayo dadalhin. Isa nga itong pagpapaubaya sa laro. Subalit, mahalaga pa ring ilagay natin ang ating mga sarili sa kagustuhang tumaya sa laro. Wala ngang laro kung walang manlalaro (may pagka-Gadamer). Subalit, dapat nating maunawaan na ang laro ay hindi kinokontrol ng isang tao o ng isang grupo ng mga tao. Nakasalalay ito, ayon kay Rodriguez, sa pagpapatupad ng laro ng nagtatalabang katwiran ng mga manlalaro.

Ang pagdodomina sa laro ang nagdala sa atin sa isang mapangwasak na sitwasyon. Ang ating panahon, halimbawa, na dinodomina ng maka-agram at maka-teknolohikal na pangangatwiran ay nagdala sa atin sa isang pag-iisip na magpagpilit at manggagamit. Kung tama ang analisis ni Rodriguez (na may pagka-Heidegger) sa panahong mayroon tayo ngayon, dinala tayo ng dinamismo ng dominanteng katwiran sa isang pagtingin sa mundo bilang nakareserba para gamitin sa hinaharap. Naging isang malaking “gatasan” ang mundo. Pero, kung tama ang aking pakakaunawa kay Heidegger, hindi lang ang mundo ang nasa bingit ng alanganin. Maging ang mismong tao na nagdirito sa mundo bilang “mapilit na manggagamit” ay nasa delikadong sitwasyon din na maibaba sa dukhang kalagayan ng pagiging bagay na nasa harapan mo na maaaring manipulahin. Ito, ayon kay Rodriguez, ang “pagkabiktima ng nakinabang”¹⁵. Para sa kanya, anumang lipunang dinodomina ng isang katwirang hindi bunga ng pagtatalaban ng marami at iba’t ibang katwiran ay nagdudulot lamang at patuloy na nagdudulot ng isang marahas at hindi makatarungang lipunan.

Ebalwasyon at Kahalagahan

Mahirap tanggihan ang mga mapagmulat na pagmumuni-muni ni Rodriguez. Tunay ngang nagbunga na ang mapanghamong pilosopiya ni Roque Ferriols sa uring pamimilosopiya ni Rodriguez. Kung si Ferriols ang Ama ng pilosopiyang tumalalab sa meron, si Rodriguez naman ang Anak na tumugon sa hamon ng paglundag sa mismong “swimming pool.”

¹⁵ Rodriguez, *May Laro*, 201.

Ang mismong pamamaraan ni Rodriguez ay isa ring mismong ambag niya sa pilosopiya. Malinaw na malinaw ang proyektong pilosopikal ni Rodriguez na ipamulat sa kanyang mambabasa ang mismong ugat ng problema ng kawalang katarungan. Madadagdag ang librong ito sa listahan ng mga seryosong pilosopo na sumisid sa kalaliman ng misteryo ng Katotohanan hindi upang hulihin ito, ilagay sa garapon, at ipagmayabang. Sa halip, hinahamon niya ang kanyang mambabasa na tingnan rin ang kanyang mga tiningnan at baka sakaling mayroon din tayong makita.

Matipuno ang tinig na pinakawalan ng aklat na ito. Habang patuloy na inaalisan ng boses ang katwiran ng mga naisantabi at habang ang nakakarimarim na isyu ng katarungang panlipunan ay nananatiling problema, ang mga temang pinagnilay-nilayan ni Rodriguez sa librong ito ay mananatiling napakahalaga. Ang librong ito ay isang tinig ng pagpupumiglas sa mapalinlang na dominanteng katwiran, sa hindi makataong kondisyon ng buhay na kinasasadlakan nakararaming naisantabing Pilipino, at sa mga maka-syentipikong pagtatangkang ibaba ang isang tao sa nibel ng bagay lamang.

Kapaki-pakinabang rin ang librong ito sa mga nagsasaliksik tungkol sa isang diskursong hindi naghahangad ng kaisahan. Kahit na nagbabalangkas si Rodriguez ng kondisyon ng posibilidad ng *isang* dominanteng katwiran na magdadala sa atin sa isang makatarungang lipunan, maari din naman nating tingnan ang kabilang bahagi ng kanyang diskurso. Sa halip na pagtuonan ng pansin ang pagkakaiparepareho (na sa aking palagay ay wala namang masama), bakit hindi natin tingnan rin ang kabaligtaran? May daan din ng posibilidad ng makatarungang lipunan sa ating pagkakaiba-iba. Baka masyado na tayong nahumaling sa paghahanap ng kaisahan at nakalimunatan ang kahalagahan ng pagkakaiba-iba.

Posible din naman na mauwi lamang ito sa isang ideyal na teorya. Maaaring napakaganda sa papel ng balangkas ng isang makatarungang lipunan, subalit mangyayari ba ito sa tunay na buhay? Sa isang lipunang mayroon tayo ngayon, kung saan patuloy na lumalakas ang pwersa ng dominasyon at lalong lumulubha ang distansya sa pagitan ng mahirap at mayaman, posible pa ba na mamulat at magsisi ang mga nakikinabang sa mapang-aping sistema ng lipunan? Kung magkaganoon man, mahalaga pa rin ang pagbigkas ni Rodriguez ng boses ng pag-asa. Hindi pa rin maaalis ang posibilidad na maging bukas ang bawat katwiran sa katwiran ng ka-iba. Kung saan man tayo dadalhin ng posibilidad, dapat pa rin tayong mangarap. Totoong ang talinghaga ng pangarap natin ay isang abot-tanaw. At, habang pinapasok natin ito at humahakbang palapit dito, ito naman ay umaatras. Mailap man itong pangarap at mistulang hindi matutupad, kailangan pa rin nating tumanaw sa abot-tanaw ng ating pangarap upang tayo ay makausad at umunlad.

At, bilang panghuli, naipakita ni Rodriguez na ang pilosopiya ay naiibang disiplina kung saan ang mga talinghaga (teorya) nito ay mayroong hindi-maubos-ubos-na-halaga kumpara sa ibang disiplina. Kung mababasa ng marami ang librong ito, magdadalawang-isip marahil ang mga ito sa pamimintas na “walang katuturan ang pilosopiya.” Sabi nga ni Heidegger, “Ipagpalagay na wala *tayong* magagawa sa pilosopiya, subalit kung sisisirin natin ang kalaliman nito, pilosopiya ang gagawa *sa atin*.”¹⁶ At, sa aking palagay, iyon ang aking karanasan at nais ko pang maranasan sa pakikisabay sa pagninilay ni Rodriguez sa librong ito.

Department of Philosophy, University of Santo Tomas, Philippines

References

- Ferriols, Roque J., *Pambungad sa Metapisika* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1999).
- Gadamer, Hans-Georg, *Truth and Method*, trans. by Joel Weinsheimer and Donald G. Marshall (New York: The Continuum Publishing Company, 1994).
- Heidegger, Martin, *An Introduction to Metaphysics*, trans. by Ralph Manheim (Garden City, New York: Anchor Books, Doubleday, 1959).
- Rodriguez, Agustin Martin G., *Governing the Other: Exploring the Discourse of Democracy in a Multiverse of Reason* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2009).
- _____, *May Laro ang Diskurso ng Katarungan* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2014).

¹⁶ Martin Heidegger, *An Introduction to Metaphysics*, trans. by Ralph Manheim (Garden City, New York: Anchor Books, Doubleday, 1959), 10.